# Family Self-Sufficiency (FSS) [Programa ng Kasarinlan ng Pamilya] Kontrata sa Paglahok sa Program

## Voucher Para sa Piniling Pabahay
## Mga Programa ng Pabahay na Pambayan at Pang-Indian

**U.S. Department of Housing and Urban Development**
Office of Public and Indian Housing

OMB Approval No. 2577-0178
(may-bisa hanggang.
9/30/2013)

Itong Kontrata sa Paglahok para sa Family Self-Sufficiency (FSS) Program [Programa ng Kasarinlan ng Pamilya] ay pinagkasunduan ng ___________

_________________________________________________________________________, Housing Agency [Ahensya ng Pabahay] (HA), at ni

_________________________________________________________________________ , ulo ng pamilyang kalahok sa FSS.

Ang lahat ng kasama sa sambahayan ay sakop sa pamilyang kalahok sa FSS, at tinutukoy sa kontratang ito na "pamilya".

### Uri ng Programa ng FSS.

Ang pamilya ay isang kalahok sa: (Isa lang ang markahan ng tsek)

☐ Voucher Para sa Piniling Pabahay (HCV) ng Programa ng FSS

☐ Pambayang Pabahay ng Programa ng FSS

☐ Pang-Indian na Pabahay ng Programa ng FSS

### Layunin ng Kontrata

Ang layunin nitong kontrata ay ang ipahayag ang mga karapatan at ang mga responsibilidad ng pamilya at ng HA, ang resources at mga serbisyong pang-alalay na ipagkakaloob sa pamilya, at ang mga gawaing dapat kompletuhin ng pamilya.

### Takdang Panahon ng Kontrata

Magkakabisa itong kontrata sa _______________________________ .

Mawawalan ng bisa itong kontrata sa __________________________ .

Maaaring palugitan ng HA ang takdang panahon ng kontrata hanggang 2 taon kung magbigay ang pamilya sa HA ng nakasulat na kahilingan para sa isang palugit at mapatunayan ng HA na mayroong mabuting dahilan para sa palugit.

### Resources at Mga Serbisyong Pang-alalay

Sa takdang panahon ng kontrata, pagsisikapang ipagkakaloob ng HA ang resources at mga serbisyong pang-alalay na nakalista sa mga plano ng pang-indibidwal na pagsasanay at mga serbisyo. Kung hindi maaari ang resources at mga serbisyo, pagsisikapan ng HA na ipalit ang iba pang resources at mga serbisyo. Gayunman, walang pananagutan ang HA sa pamilya kung hindi ipagkaloob ang resources at mga serbisyo.

### FSS Escrow Account

Magbubukas ang HA ng FSS escrow account para sa pamilya. Ang bahagi ng mga dagdag sa upa ng pamilya dahil sa mga dagdag sa sinahod na kita ay idideposito sa FSS escrow account alinsunod sa mga inuutos ng HUD.

Nakalista sa ibaba ang taunang kita ng pamilya, ang sinahod na kita, at ang upa ng pamilya sa panahon na magsimula ang pamilya sa programa ng FSS. Gagamitin ang mga halagang ito sa pagtiyak sa halagang idideposito sa FSS escrow account ng pamilya dahil sa mga dagdag sa sinahod na kita sa darating na panahon.

Taunang Kita $ _______________

Sinahod na Kita $ _______________

Upa ng Pamilya (Kabuuang Bayad ng Nangungupahan o, para sa programa ng HCV, 30% ng buwanang Adjusted Income) $ ___________

Ipupuhunan ng HA ang pondong nasa FSS escrow account sa mga pamumuhunang aprobado ng HUD.

Magbibigay ang HA ng report sa pamilya tungkol sa halagang nasa FSS escrow account ng pamilya nang minsan man lamang sa isang taon.

Kung lumalahok ang pamilya sa programa ng HCV at lumipat ito sa labas ng hurisdiksyon ng HA batay sa mga pamamaraan ng HCV ukol sa portability [pagkamaaaring umupa ng isang unit na tirahan sa labas ng hurisdiksyon ng naunang HA na may tulong ng HCV], maaaring ilipat ng HA ang balanse ng FSS escrow account ng pamilya sa ibang HA.

### Paglabas ng Mga Pondo mula sa FSS Escrow Account

Maaaring pahintulutan ng HA ang pamilya na maglabas ng mga pondo mula sa FSS escrow account bago makompleto ang kontrata kung nakompleto na ng pamilya ang tiyak na pansamantalang mga hangarin, na itinalaga ng HA, at nangangailangan ng bahagi ng pondong nasa FSS escrow account para kompletuhin ang kontrata (halimbawa: para ibayad sa gastos sa paaralan).

Babayaran ng HA sa ulo ng pamilya ang halagang nasa FSS escrow account ng pamilya, menos ang anumang halagang utang sa HA, kapag:

(1) matiyak ng HA na nakompleto na ng pamilya itong kontrata, at,

(2) sa panahon na makompleto ang kontrata, magbibigay ang ulo ng pamilya ng nakasulat na pagpapatotoo sa HA na walang myembro ng pamilya ang tumatanggap ng tulong na welfare. Ang kahulugan ng tulong na welfare, para sa programa ng FSS, ay salaping-tulong mula sa mga programa ng welfare ng pamahalaang Pederal o estado, at ang tanging saklaw ay mga bayad bilang panustos na cash na inilaan para masapatan ang patuloy na pang-araw-araw na pangangailangan ng pamilya.

Kapag umalis ang ulo ng pamilya sa unit na tinutulungan, ang mga myembro ng pamilya na mananatili, pagkatapos magkonsulta sa HA, ay maaaring maghirang ng ibang myembro ng pamilya na tumanggap ng pondo ng FSS escrow account.

### Pagkawala ng FSS Escrow Account

Hindi matatanggap ng pamilya ang pondong nasa FSS escrow account kung:

(1) kung wakasan ang kontrata sa paglahok,

(2) kung ideklara na walang-bisa ang kontrata sa paglahok; o

(3) hindi natupad ng pamilya ang mga responsibilidad nito sa loob ng mga panahong itinakda tulad ng nakasaad sa kontratang ito.

### Mga Responsibilidad ng Pamilya

**Ang ulo ng pamilya ay dapat:**

- Maghanap at magpanatili ng angkop na empleo pagkatapos makompleto ang mga programa ng pagsasanay para sa trabaho na nakalista sa plano ng pang-indibidwal na pagsasanay at mga serbisyo. Pagkatapos magkonsulta sa ulo ng pamilya, aalamin ng HA kung anong empleo ang nababagay batay sa kasanayan, edukasyon, at pagsasanay para sa trabaho ng ganitong indibidwal at ang mga bakanteng trabaho sa lugar na maaaring aplayan.

**Dapat gawin ang mga sumusunod ng ulo ng pamilya at ng mga myembro ng pamilyang nakapagdesisyon na, na may pagsang-ayon ng HA, na pumirma sa plano ng pang-indibidwal na pagsasanay at mga serbisyo:**

- Kompletuhin ang mga gawain sa loob ng mga petsang nakalista sa bawat plano ng pang-indibidwal na pagsasanay at mga serbisyo.
- Magbigay sa HA at sa HUD ng impormasyon tungkol sa paglahok ng pamilya sa programa ng FSS para matulungan ang HA at ang HUD na suriin ang programa ng FSS. Maaaring kasama dito ang

impormasyon tungkol sa empleo, mga interbyu para sa trabaho, pagsasanay, pagpasok sa mga klase, at iba pang mga serbisyo at gawain ng FSS.

**Dapat gawin ng lahat ng mga myembro ng pamilya ang mga sumusunod:**

- Sundin ang lahat ng mga tadhana ng kasunduan sa pagpapaupa.
- Kung tumatanggap ng tulong na welfare, maging taong hindi umaasa sa tulong na welfare at manatiling hindi tumatanggap ng tulong na welfare, nang 12 sunod-sunod na buwan man lamang bago mawalan ng bisa ang kontrata.
- Kung lumalahok sa programa ng HCV, dapat sundin ng pamilya ang mga obligasyon ng pamilya ayon sa programa ng HCV at manirahan sa hurisdiksyon ng HA na naglista sa pamilya sa programa ng FSS nang 12 buwan man lamang mula sa petsa na pagkamay-bisa nitong kontrata, maliban kung ang inaprobahan na ng naunang PHA ang kahilingan ng pamilya na lumipat sa labas ng hurisdiksyon nito batay sa pagkamaaaring umupa ng isang unit na tirahan sa labas ng hurisdiksyon ng naunang HA na may tulong ng HCV.

## Mga Aksyong Panremedyo sa Di-pagtupad sa mga Responsibilidad ng Pamilya

Kung hindi matupad ng sinumang myembro ng pamilya ang kanyang responsibilidad batay sa kontratang ito, hindi matatanggap ng pamilya ang perang nasa FSS escrow account nito at ang HA ay maaaring:

(1) itigil ang mga serbisyong pang-alalay para sa pamilya,

(2) wakasan ang paglahok ng pamilya sa programa ng FSS, at

(3) kung ang pamilya ay lumalahok sa programa ng HCV, wakasan ang tulong, kapag pinahihintulutan ng mga utos ng HUD.

## Mga Responsibilidad ng HA

- Subukang kumuha ng mga pangako mula sa pambayan at pribadong mapagkukunan ng mga serbisyong pang-alalay para sa mga pamilya.
- Magbukas ng FSS escrow account para sa pamilya, ipuhunan ang pondong nasa escrow account, at magbigay ng report sa pamilya nang minsan man lamang sa isang taon tungkol sa halagang nasa FSS escrow account.
- Alamin kung alin, kung mayroon man, sa pansamantalang mga hangarin ang dapat makompleto bago ang anumang pondo sa FSS escrow account ay maaaring ibayad sa pamilya; at ibayad ang bahagi ng FSS escrow account sa pamilya kung matiyak ng HA na natupad na ng pamilya ang tiyak na pansamantalang mga hangarin na ito at kailangan ang pondo mula sa FSS escrow account para makompleto ang kontrata.
- Tiyakin kung nakompleto na ng pamilya itong kontrata.
- Ibayad sa pamilya ang halagang nasa FSS escrow account nito, kung nakompleto na ng pamilya ang kontrata at nakapagbigay na ang ulo ng pamilya ng nakasulat na patotoo na walang myembro ng pamilya ang tumatanggap ng tulong na welfare.

## Pagkompleto sa Kontrata sa Paglahok

Ang pagkompleto ng kontrata ay nangyayari kapag natiyak ng HA na:

(1) natupad na ng pamilya ang lahat ng responsibilidad nito batay sa kontrata; o

(2) 30 porsyento ng buwanang adjusted income ng pamilya ay kapareho lang o mahigit sa halaga ng umiiral na upa [Fair Market Rent] para sa laki ng unit na karapat-dapat ang pamilya

## Pagwawakas sa Kontrata sa Paglahok

Maaaring wakasan ng HA ang kontratang ito kung:

(1) magkasundo ang pamilya at ang HA na wakasan ang kontrata;

(2) natiyak ng HA na hindi tinupad ng pamilya ang mga responsibilidad nito batay sa kontratang ito;

(3) umurong ang pamilya mula sa programa ng FSS;

(4) may ginawa na salungat sa layunin ng programa ng FSS; o

(5) pinahihintulutan ang HA alinsunod sa mga utos ng HUD.

Maaaring ideklara ng HA na walang-bisa ang kontratang ito kung walang magamit na resources at mga serbisyong kailangan para makompleto ang kontrata.

Dapat magbigay ang HA ng notisya ng pagwawakas o pagpapawalang-bisa sa ulo ng pamilya. Dapat ipahayag sa notisya ang mga katwiran para sa desisyon ng HA na wakasan o ipawalang-bisa ang kontrata.

Kung wakasan o ideklarang walang-bisa ang kontrata, walang karapatan ang pamilya na tumanggap ng pondo mula sa FSS escrow account ng pamilya. Dapat isara ng HA ang FSS escrow account ng pamilya at maaaring gamitin ang pondo para sa mga layuning naaalinsunod sa utos ng HUD.

Kung lumalahok ang pamilya sa programa ng HCV, wawakasan ng HA ang kontrata kung lumipat ang pamilya sa labas ng hurisdiksyon ng HA batay sa mga pamamaraan ng pagkamaaaring umupa ng isang unit na tirahan sa labas ng hurisdiksyon ng naunang HA na may tulong ng HCV at sumali sa programa ng FSS ng ibang HA.

Kung lumalahok ang pamilya sa programa ng HCV, automatikong wawakasan itong kontrata kung wawakasan ang tulong sa pamilya alinsunod sa mga utos ng HUD.

## Salungatan sa Kasunduan sa Pagpapaupa ng Pabahay na Pambayan o Pang-Indian

Kung sumasalungat ang bahagi nitong kontrata sa kasunduan sa pagpapaupa ng pabahay na pambayan o pang-Indian, ang kasunduan sa pagpapaupa ang iiral.

## Pagsunod sa Mga Regulasyon at Utos ng HUD

Dapat bigyang-kahulugan at pairalin ang kontrata sa paglahok alinsunod sa mga regulasyon at mga utos ng HUD. Ang mga tadhana at mga halaga, tulad ng halaga ng kita at upa na nasa pahina 1, ay batay sa pagwawasto ng HA para sa pagsunod sa mga regulasyon at mga utos ng HUD. Dapat ipagbigay-alam ng HA sa pamilya sa isang kasulatan ang tungkol sa anumang pag-aareglong gagawin sa kontrata.

## Mga Pirma:

| **Pamilya** | **Housing Agency** |
|---|---|
| (Pirma ng ulo ng pamilya) | (Pangalan ng HA) |
| (Petsa ng Pagpirma) | (Pirma ng Pinuno ng HA) |
| | (Opisyal na Titulo) |
| | (Petsa ng Pagpirma) |

Dapat makipagkasundo ang bawat Housing Agency (HA) sa isang kontrata sa paglahok sa bawat karapat-dapat na pamilyang nagdesisyong lumahok sa programa ng FSS. Dapat magkonsulta ang bawat HA sa mga pinunong lokal para gumawa ng plano ng aksyon na naglalaman ng mga pagsasalarawan ng laki, mga katangian, at mga pangangailangan ng populasyong paglilingkuran ng iminumungkahing programa ng FSS; ang mga serbisyo at mga gawaing ipagkakaloob nito; kung paano isasagawa ang programa; ang mga pambayan at pribadong resources na magiging daan ng mga serbisyo at mga gawaing ipagkakaloob, isang timetable para sa pagsasagawa, at iba pang data na kailangan para makatiyak sa magkakatugmang pagsasagawa ng mga serbisyo at mga gawain ng programa.

Ang tungkulin ng pagre-report ng publiko para sa pangongolektang ito ng impormasyon ay tinantyang karaniwan na 1.0 oras para sa bawat sagot, kasama ang oras para sa pagbabasa ng mga instruksyon, paghahanap ng mga kasalukuyang mapagkukunan ng mga data, pagtitipon at pagpapanatili ng data na kailangan, at pagkompleto at pagrerebyu ng pangongolekta ng impormasyon.

Ang pagsagot sa pangongolektang ito ng impormasyon ay Inuutos ng batas (Seksyon 23 (c) & (g) ng U.S. Housing Act of 1937, tulad ng idinagdag ng Seksyon 554 ng Cranston-Gonzalez National Affordable Housing Act (PL 101-625) para sa paglahok sa programa ng FSS.

Itinuturing na delikado ang impormasyong kinokolekta sa form na ito at protektado ito ng Akta ng Privacy. Inuutos ng Akta ng Privacy na itong mga record ay ingatan na may nararapat na mga pananggol na pang-administratibo, teknikal, at pisikal para matiyak ang seguridad at pagiging kompidensyal ng mga ito. Bukod dito, dapat pangalagaan itong mga record laban sa anumang inaasahang panganib sa seguridad o katapatan ng mga ito na maaaring magsanhi ng malaki-laking pinsala, kahihiyan, kaabalahan, o kawalang katarungan sa sinumang taong tinutukoy sa impormasyong iniingatan.

Ang HUD ay hindi maaaring magsagawa o magtangkilik ng, at hindi inuutos sa isang tao na sumagot sa, isang pangongolekta ng impormasyon maliban kung nagpapakita ito ng isang kasalukuyang balidong control number ng OMB.

## Mga Instruksyon ng HA para sa Pagpirma sa Kontrata sa Paglahok sa FSS

### Mga Partido sa Kontrata/Mga Pirma

Ang ulo ng kalahok na pamilya ay dapat ang myembro ng pamilya na may sapat na gulang na siyang ulo ng sambahayan para sa mga layuning nauugnay sa pagiging karapat-dapat ng kita at sa upa.

### Takdang Panahon ng Kontrata

Ang petsa ng pagkamay-bisa ay ang unang araw ng buwan na kasunod sa petsa na pinirmahan ng pamilya at ng kinatawan ng HA ang kontrata.

Ang petsa ng pagkawalang-bisa ay limang taon mula sa petsa ng pagkamay-bisa ng kontrata.

Kung magdesisyon ang HA na palugitan ang takdang panahon ng kontrata, ang orihinal na petsa ng pagkawalang-bisa na nakalista sa unang pahina ng kontrata ay dapat guhitan nang pakrus para kanselahin at idagdag ang bagong petsa ng pagkawalang-bisa.

Kung lumipat ang pamilya batay sa mga pamamaraan ng HCV ukol sa pagkamaaaring umupa ng isang unit na tirahan sa labas ng hurisdiksyon ng naunang HA na may tulong ng HCV at makikilahok ito sa programa ng FSS ng tumatanggap na HA, ang petsa ng pagkamay-bisa ng kontrata ng pamiilya at ng tumatanggap na HA ay ang unang araw ng buwan na kasunod sa petsa na pinirmahan ng pamilya at ng kinatawan ng HA ang kontrata. Ang petsa ng pagkawalang-bisa ng kontrata ng tumatanggap na HA at ng pamilya ay **dapat** pareho ng petsa ng pagkawalang-bisa ng kontrata ng naunang HA at ng pamilya.

### FSS Escrow Account

Ang mga numero ng kita at upa na isusulat sa unang pahina ay maaaring makuha mula sa mga halaga ng huling muling iksaminasyon o sa pansamantalang pagpapasya bago sa unang paglahok ng pamilya sa programa ng FSS, maliban kung mahigit sa 120 araw ang lilipas sa pagitan ng petsa ng pagkamay-bisa ng muling iksaminasyon at ang petsa ng pagkamay-bisa ng kontrata sa paglahok. Kung mahigit na sa 120 araw, dapat magsagawa ng panibagong muling iksaminasyon o pansamantalang muling pagpapasya ang HA.

Kung lumipat ang pamilya batay sa mga pamamaraan ng HCV ukol sa pagkamaaaring umupa ng isang unit na tirahan sa labas ng hurisdiksyon ng naunang HA na may tulong ng HCV at makikilahok ito sa programa ng FSS ng tumatanggap na HA, dapat gamitin ng tumatanggap na HA ang mga halagang nakalista para sa taunang kita, sinahod na kita, at upa ng pamilya na nasa unang pahina ng kontrata ng naunang HA at ng pamilya.

### Mga Pagbabago sa Kontrata

Itong kontrata sa paglahok ay mababago lamang para ibahin ang takdang panahon ng kontrata, ang ulo ng pamilya, o ang mga plano ng pang-indibidwal na pagsasanay at mga serbisyo.

Dapat nilalaman ng kalakip ang pangalan ng bagong hinirang na ulo ng pamilya, ang mga pirma ng bagong ulo ng pamilya at ng kinatawan ng HA, at ang petsa ng pagpirma..

Dapat kasama ang anumang (mga) pagbabago sa plano ng pang-indibidwal na pagsasanay at mga serbisyo bilang rebisyon sa plano ng pang-indibidwal na pagsasanay at mga serbisyo (kalakip) kung saan nauukol ang pagbabago. Dapat kasama sa rebisyon ang item na binago, mga pirma ng kalahok at ng kinatawan ng HA, at ang petsa ng pagpirma.

Para sa mga palugit sa takdang panahon ng kontrata, tingnan ang seksyon ng "Takdang Panahon ng Kontrata".

Kung, labingdalawang buwan pagkaraan ng petsa ng pagkamay-bisa ng kontrata, lumipat ang isang pamilyang nasa programa ng HCV ng FSS sa labas ng hurisdiksyon ng HA batay sa mga pamamaraan ng pagkamaaaring umupa ng isang unit na tirahan sa labas ng hurisdiksyon ng naunang HA na may tulong ng HCV, maaaring isagawa ng HA ang isa sa sumusunod na mga aksyon:

(1) Maaaring pahintulutan ng naunang HA ang pamilya na patuloy na lumahok sa programa ng FSS ng naunang HA, kung mapapatunayan ng pamilya sa kasiyahan ng naunang HA na matutupad ng pamilya ang mga responsibilidad ng pamilya na nasa kontrata sa bagong lokasyon. Sa ganitong pangyayari, ang kontratang umiiral ay mananatiling umiiral na walang pagbabago. Dapat ilipat ng naunang HA ang balanse ng FSS escrow account ng pamilya kapag tinanggap na ang pamilya ng tumatanggap na HA.

(2) Maaaring pahintulutan ng tumatanggap na HA ang pamilya na lumahok sa programa ng FSS ng tumatanggap na HA. Kung ganito ang mangyayari, dapat wakasan ng naunang HA ang kontrata nito sa pamilya. Dapat ilipat ng naunang HA ang balanse ng FSS escrow account ng pamilya kapag tinanggap na ang pamilya ng tumatanggap na HA. Gagawa ng bagong kontrata ang tumatanggap ng HA na pipirmahan ng tumatanggap ng HA at ng pamilya.

(3) Sa mga pangyayari kung saan hindi matupad ng pamilya ang mga obligasyon ng pamilya sa bagong lokasyon, at hindi pinahihintulutan ng tumatanggap na HA ang pamilya na lumahok sa programa ng FSS ng tumatanggap na HA, magwawakas ang kontrata ng naunang HA at ng pamilya at mawawala ng pamilya ang pondong nasa FSS escrow account nito.

### Mga Plano ng Pang-indibidwal na Pagsasanay at Mga Serbisyo

Dapat kasama sa kontrata ang plano ng pang-indibidwal na pagsasanay at mga serbisyo para sa ulo ng pamilya. Maaaring piliin ng ibang myembro ng pamilya na labingwalong taong gulang na o mas matanda ang pumirma sa isang plano ng pang-indibidwal na pagsasanay at mga serbisyo kung sasang-ayunan ng HA.

Dapat nakalista ang resources at mga serbisyong pang-alalay na ipagkakaloob sa bawat myembro ng pamilya sa mga plano ng pang-indibidwal na pagsasanay at mga serbisyo, na mga kalakip sa kontrata sa paglahok.

Ang unang pahina ng plano ng pang-indibidwal na pagsasanay at mga serbisyo ng bawat kalahok ay may espasyo para sa pangwakas na hangarin at para sa unang pansamantalang hangarin na kailangan para makamit ang pangwakas na hangarin. Ang karagdagang pahina ay nagbibigay ng format para sa pagsusulat ng bawat pansamantalang hangarin at ng tiyak na impormasyon na may-kaugnayan sa pagkamit

nito. Dapat pirmahan ng kalahok at ng kinatawan ng HA ang unang pahina ng plano ng bawat kalahok.

Dapat banggitin nang tiyakan ang mga pansamantalang hangarin kasama ng mga gawain at mga serbisyong kailangan para makamit ang mga ito. Halimbawa, ang isang dalagang ina na may dalawang anak, na may pansamantalang hangarin na kompletuhin ang kanyang sekundaryang edukasyon ay maaaring mangailangan ng ilang iba't ibang mga gawain at mga serbisyo para makamit ang hangaring iyon. Maaaring kasama sa mga ito ang transportasyon, pagpapa-tutor, at pagpapaalaga ng bata.

Lahat ng mga petsa ng pagkompleto na kasama sa mga plano ng pang-indibidwal na pagsasanay at mga serbisyo ay dapat sa o bago sa petsa na mawalan ng bisa ang kontrata sa paglahok.

Isa sa mga pansamantalang hangarin para sa mga pamilyang tumatanggap ng tulong na welfare ay ang maging taong hindi na tumatanggap ng tulong na welfare nang labingdawalang magkakasunod na buwan man lamang bago sa katapusan ng kontrata. **Dapat** isama ito bilang pansamantalang hangarin sa plano ng pang-indibidwal na pagsasanay at mga serbisyo ng ulo ng pamilya ng anumang pamilyang tumatanggap ng tulong na welfare.

**Dapat i**sama sa pangwakas ng hangarin na nakalista sa plano ng pang-indibidwal na pagsasanay at mga serbisyo ng ulo ng pamilya ang paghahanap at pagpapanatili ng nababagay na trabaho na tiyak sa kasanayan, edukasyon, pagsasanay sa trabaho ng taong iyon, at ang mga bakanteng trabaho sa lugar na maaaring aplayan.

### Mga Pangganyak

Kung pinili ng HA na mag-alok ng iba pang pangganyak na may-kaugnayan sa programa ng FSS, maaaring isama itong mga pangganyak sa mga plano ng pang-indibidwal na pagsasanay at mga serbisyo o na isang kalakip sa kontratang ito.

# Family Self-Sufficiency Program
# [Programa ng Kasarinlan ng Pamilya]
# Plano ng Pang-indibidwal na Pagsasanay at Mga Serbisyo

Kalakip ________

| Pangalan ng Kalahok | Social Security Number |
|---|---|
| | |

**Pangwakas na Hangarin**

Numero ng Pansamantalang Hangarin ________

Petsa Kung Kailan Nakamit ___________________________

| Mga Gawain/Mga Serbisyo | Mga Partidong May Responsibilidad | Mga/Petsa |
|---|---|---|
| | | |

Mga Puna

Mga Pirma:

| **Pamilya** | **Housing Agency** |
|---|---|
| (Kalahok) | (Pirma ng Kinatawan ng HA) |
| (Petsa ng Pagpirma) | (Petsa ng Pagpirma) |

# Family Self-Sufficiency Program
# [Programa ng Kasarinlan ng Pamilya]
# Plano ng Pang-indibidwal na Pagsasanay at Mga Serbisyo

Kalakip ________

| Pangalan ng Kalahok | Social Security Number |
|---|---|
| | |

Numero ng Pansamantalang Hangarin ________

Petsa Kung Kailan Nakamit ___________________________

| Mga Gawain/Mga Serbisyo | Mga Partidong May Responsibilidad | Mga/Petsa |
|---|---|---|
| | | |

Mga Puna